Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

BAGONG PILIPINAS

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*
*sbobulalacaoormin@gmail.com/09988546853*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-DALAWANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-11 NG NOBYEMBRE 2025 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. German S. Acosta | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Moses M. Osorio, Sr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Romeo O. Fallaria | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Roger M. Evangelio, Sr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jerus Jade B. Reyes | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Nestor L. Eguillon | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Aceron U. Calinog, Jr. | IPM Representative |
| Kgg. Francis Dave C. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO: WALA**

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

## KAUTUSAN BILANG 25-11-430

## KAUTUSANG NAGHIHIKAYAT SA LAHAT NG BARANGAY NA MAGSAGAWA NG REGULAR NA PAGLILINIS AT PAG-AALIS NG SAGABAL SA MGA DAAN NG BARANGAY SA LOOB NG BAYAN NG BULALACAO

May-Akda at Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member MOSES M. OSORIO, SR.**
Chairperson, Committee on Public Order, Public Safety, Dangerous Drugs and Public Utilities and Facilities

Mga Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member ROMEO O. FALLARIA**
Chairperson, Committee on Rules, Privileges, Ordinances, and Legal Matters

**Sangguniang Bayan Member ENRICO C. VILLAS**
Chairperson, Committee on Barangay Affairs

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160, na kilala bilang Local Government Code of 1991, ang bawat yunit ng Pamahalaang Lokal ay dapat gumaganap ng mga kapangyarihang kinakailangan, nararapat, o kaugnay sa mabisa at mahusay na pamamahala, at yaong mahalaga sa pagsulong ng pangkalahatang kapakanan;

KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS
PERLITA L. PAZ
KGG. ACERON U. CALINOG, JR.
KGG. ROMEO O. FALLARIA
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. NESTOR L. EGUILLON
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. JERUS JADE B. REYES
KGG. MOSES M. OSORIO, SR.
KGG. ROGER M. EVANGELIO, SR
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
~~KGG. LIMUELITO M. CABAGAY~~
KGG. GERMAN S. ACOSTA

**SAPAGKAT**, ayon sa Seksyon 391 (b) (1) ng Local Government Code, ang Sangguninang Barangay ay may tungkuling magpatibay ng mga hakbang para sa pagpapanatili ng kalinisan at kagandahan ng Barangay;

**SAPAGKAT**, kinikilala ng Pamahalaang Bayan ang papel ng mga barangay bilang pangunahing tagapagpatupad ng mga programa para sa kalinisan at kaayusan, at pangangalaga sa kapaligaran at kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT**, ang regular na paglilinis at pag-aalis ng mga sagabal sa mga daan ng barangay na napakahalaga upang matiyak ang ligtas, maayos at malinis na pamayanan gayon din upang maiwasan ang mga suliranin sa kalusugan at sanitasyon;

**DAHIL DITO, IPINAPASYA** ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro, sa ginanap na regular na sesyon, na:

**SEKSYON 1. PAMAGAT.** Ang ordinansang ito ay makilala bilang "Ordinansa para sa Paglilinis at Pag-aalis ng mga Sagabal sa mga Daan ng Barangay ng Bayan ng Bulalacao."

**SEKSYON 2. PAGPAPAHAYAG NG PATAKARAN.** Ipinahahayag ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ang patakarang isulong ang kalinisan, kaligtasan, at kaayusan sa lahat ng barangay sa pamamagitan ng regular na paglilinis at pag-aalis ng mga sagabal sa mga daan ng barangay at iba pang pampublikong lugar.

**SEKSYON 3. PAGHIHIKAYAT SA LAHAT NG BARANGAY.** Ang lahat ng Barangay sa loob ng Bayan ng Bulalacao ay hinihikayat na magsagawa ng regular na paglilinis at pag-aalis ng mga sagabal sa mga daan ng barangay at iba pang pampublikong lugar, sa pakikipag-ugnayan ng Tanggapan ng Pangkapaligiran ng Likas na Yaman ng Bayan (MENRO), Tanggapan ng Inhinyerong Bayan, at iba pang kaukulang Tanggapan.

**SEKSYON 4. TUNGKULIN NG MGA BARANGAY.** Ang lahat ng Barangay sa Bayan ng Bulalacao ay hinihikayat na:

a. Sundin ang **Ordinance Bilang 16-08-164** na nagtatalaga sa huling Sabado ng bawat buwan bilang araw ng kalinisan;
b. Panatilihin ang kalinisan at tamang pagtatapon ng basura sa mga kalsada at pampublikong lugar;
c. Alisin ang lahat ng ilegal na istruktura, sagabal, at okupasyon sa mga barangay na kalsada at easements;
d. Magtalaga ng mga opisyal ng barangay at tanod upang magbantay at tiyakin ang pagsunod sa ordinansa;
e. Isama ang mga sitio at hindi lamang ang sentrong bahagi ng barangay sa paglilinis;
f. Hikayatin ang mga miyembro ng komunidad at mga organisasyon gaya ng 4Ps, mga Kooperatiba, mga Asosasyon, mga kabataan (SK Officials) at iba pang samahan sa mga aktibidad ng paglilinis;

KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS
PERLITA L. PAZ
KGG. ROMEO C. GALARIA
KGG. ACERON U. CALINOG, JR.
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. NESTOR L. EGUILLON
KGG. MOSES M. OSORIO, SR
KGG. JESUS JADE B. REYES
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. ROGELIO M. EVANGELIO, SR
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. LUMELITO M. CABAGAY

g. Alisin ang anumang uri ng sagabal sa mga pampublikong kalsada, bangketa, at eskinita upang tiyakin ang maayos na daloy ng trapiko para sa kaligtasan ng publiko;
h. Linisin ang mga makikitid na daan maging ang mga damo sa magkabilang kalsada na kadalasang sanhi ng aksidente;
i. Siguraduhing maging maayos at malinis ang daluyan ng tubig ng mga kanal.

**SEKSYON 5. MGA GANTIMPALA AT PAGKILALA.** Ang mga barangay na laging sumusunod at nagpapakita ng kahusayan sa pagpapatupad ng ordinansang ito ay kikilalanin, paparangalan at bibigyan ng insentibo. Ang araw ng pagkilala ay isasagawa sa selebrasyon ng Biniray Festival.

**SEKSYON 6. KOMITIBA NG GANTIMPALA AT PAGKILALA.** Upang masuri at maparangalan ang karapatdapat na barangay, magtatatag ang ordinansang ito ng isang komitiba na mag-oorganisa at gagawa ng pamantayan ng pagpili ng mga tatanggap ng parangal. Ito ay binubuo ng mga sumusunod na kawani:

| | |
|---|---|
| Tagapangulo: | Municipal Mayor |
| Pangalawang Tagapangulo: | Municipal Administrator |
| | SB Chairperson, Committee on Health |
| | MENRU - Head |
| Mga Miyembro: | Municipal Budget Officer |
| | Municipal Accountant |
| | Municipal Treasurer |
| | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| | Municipal Engineer |

**SEKSYON 7. PAGLALAAN NG PONDO NG PAMAHALAANG BAYAN.** Isang nakalaang taunang badyet ang isasama sa Ordinansa ng Taunang Paglalaan. Ang pondong kailangan sa pagpapatupad ng ordinansang ito ay kukunin mula sa Tanggapan ng Punong Bayan, alinsunod sa mga umiiral na patakaran sa accounting at auditing.

**SEKSYON 8. SUGNAY SA PAGHIHIWALAY.** Kung ang anumang probisyon ay ipinahayag na walang bisa, ang iba pang probisyon ay mananatiling may bisa at epekto.

**Seksyon 9. SUGNAY SA PAGPAPAWALANG BISA.** Ang anumang ordinansa, resolusyon, at *executive order* na hindi naaayon sa probisyon ng ordinansang ito ay pinawawalang-bisa o binabago nang naaayon.

**Seksyon 10. BISA.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw matapos maipaskil ang napagtibay na sipi sa mga hayag na lugar sa bawat bulwagang pambarangay at sa bulwagang pambayan.

**ISINABATAS** ngayong ika-11 ng Nobyembre 2025 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

PERLITA L. PAZ
KGG. FRANCIS DAVE F. SANTOS
KGG. ROMEO C. VALAFIA
KGG. ACERON U. CALINOG, JR.
KGG. REJIE R. NARCISO
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. RAMON C. MAGBANUA
KGG. NESTOR L. EGUILLA
KGG. MOSES M. OSORIO, SR.
KGG. JERIS JADE B. REYES
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR
KGG. ROGER M. EVANGELIO, SR
KGG. GERMAN S. ACOSTA
KGG. LUMELITO M. CABAGAY

**KGG. GUILLERMO G. SALAS,JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. MOSES M. OSORIO,SR**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JOEJIE R. NARCISO**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ROMEO D. FALLARIA**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. ROGER M. EVANGELIO,SR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JERUS JADE B. REYES**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. NESTOR L. EGUILLON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. ACERON U. CALINOG, JR.**
IPM-Representative

**KGG. FRANCIS DAVE C. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Pangalawang Punong Bayan/
Regular na Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. LUMELITO M. CABAGAY**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Dec. 17, 2025

25/12//1/PLP/adm/jpc